

Kunin ang Iyong Pera

Maaaring kwalipikado kang makatanggap ng hanggang **\$6,000** o higit pa sa iyong refund sa buwis kapag iki-claim mo ang **Kredito sa Buwis ng Pinagtrabahuhan Kita (Earned Income Tax Credit – EITC)** at **Kredito Para sa Pambatang Kabuwisan (Child Tax Credit – CTC)**



1

Maghanap ng LIBRE na tax site*

Pumunta sa irs.treasury.gov/freetaxprep o tumawag sa **800-906-9887**.

2

Alamin kung kwalipikado ka

Alamin kung magkano ang maaari mong matanggap sa eitcoutreach.org/help.

3

I-file ang iyong mga buwis

Pumunta sa libreng site bago ang Abril 15 para mag-file ng buwis mo at matanggap ang pera mo sa isang tax refund.

*Maaari mo pa ring i-claim ang mga tax credit kung hindi ka makahanap ng libreng tax site na malapit sa iyo.

Kailan ka magpa-file ng mga buwis?

Petsa:

Oras:

Lokasyon:

Telepono:

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa eitcoutreach.org/help o tumawag sa IRS sa **1-800-829-1040**.

GET IT
BACK

TL

KWALIPIKADO BA AKO?

Ang Earned Income Tax Credit at ang Child Tax Credit ay mga benepisyo sa buwis para sa mga taong nagtatrabaho. Maaaring mas mababa ang iyong babayaranang mga buwis at makakabawi ka ng cash!

Ang pagki-claim sa mga credit na ito ay hindi makakaapekto sa iyong kwalipikasyon para sa mga iba pang benepisyo tulad ng SNAP (mga selyong pampagkain), SSI, Medicaid, cash na tulong, o pabahay na pampubliko. Kung ise-save mo ang iyong refund sa buwis, hindi ito mabibilang laban sa mga limitasyon ng resource/asset sa programa ng benepisyo na pinopondohan ng pamahalaang pederal nang 12 buwan makalipas na matanggap ang refund.

KUNG MAYROON KANG MGA ANAK

- Edad:** Para sa EITC, ang mga bata ay kailangang mas bata sa 19 taon sa katapusan ng 2019 (ang mga full-time na estudyante ay maaaring mas bata sa 24 na taon at ang mga batang may permanente at ganap na disabilidad ay maaaring kahit anong edad). Para sa CTC, ang mga bata ay kailangang mas bata sa 17 taon sa katapusan ng 2019.
- Paninirahan:** Ang mga bata ay kailangang nakatira sa iyo nang mahigit kalahati ng 2019.
- Kita para sa 2019:** Para sa CTC, Kung kumita ka ng mahigit \$2,500, maaari kang mag-claim ng credit na hanggang \$2,000 bawat bata. Para sa EITC, ang iyong mga kita ay kailangang mas mababa sa mga sumusunod na limitasyon:

Mga Bata	Walang Asawa	May-asawa	EITC hanggang:
1	\$41,094	\$46,884	\$3,526
2	\$46,703	\$52,493	\$5,828
3 o mas marami pa	\$50,162	\$55,952	\$6,557

Ano ang dadalhin sa libreng tax site

- Balidong ID na may larawan
- Social Security Card, sulat ng beripikasyon ng Social Security Number, o ITIN
- W-2 o 1099 forms
- Form 1095-A

KUNG WALA KANG ANAK

- Edad:** Kailangang ikaw ay nasa pagitan ng edad na 25 at 64 na taon.
- Kita para sa 2019:** Kung kumita ka ng mas mababa sa \$15,570 (\$21,370 kung may-asawa), maaari kang tumanggap ng EITC refund na hanggang \$529.

KUNG IKAW AY HINDI U.S. CITIZEN

- EITC:** Ikaw, ang iyong asawa, at sinumang bata na kini-claim mo ay kailangang may balidong Numero sa Seguridad Panlipunan (Social Security Number).
- CTC:** Ikaw at ang iyong asawa ay kailangang may Social Security Number o Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number - ITIN). Ang sinumang bata na kini-claim mo ay kailangang may balidong Numero sa Seguridad Panlipunan (Social Security Number).

Insurance sa Kalusugan

Maaarign nararapat ka sa libre o murang pangkalusugang insurance sa Medicaid o sa Premium Tax Credit. Mag-enroll sa Medicaid anumang oras o sa [HealthCare.gov](https://www.HealthCare.gov) sapagitan ng Nob. 1, 2019 at Dis.15, 2019. Kumuha ng karagdagang impormasyon sa **1-800-318-2596** o **www.HealthCare.gov**.